## "Akin ka na lang Ulit"

by: **RedinLove**

Any similarities to existing person (living or dead), places, icons or institutions are purely coincidental or were used in the pursuit of creative excellence.

All Rights Reserved © 2012

**Plagiarism is a CRIME**

---

**May mga bagay talagang pinagpipilitan, kahit tinigilan na..**

**

**"Janelle, pwede bang ako na lang ulit? Please (^/\^)"** Ang huling katagang narinig ko mula sa kanya.

**

"Janelle truth or dare?" Sabi sa akin ng isa kong barkada na si JM. Jusko pang ilang truth or dare na namin to pero hindi pa rin sila natututo sa sagot ko.

"Truth," bored kong sabi.

"Nanaman?!! Bakit ba ayaw na ayaw mo ng dare?"

"Dali na ano nang tanong? Yung dati? Wala nga. Wag nga kayong makulit."

"Psh. Alam ko na para maiba.. Sa lahat ng naging ex mo, Sino ang pwede mong balikan at bakit?"

"Whoa!!Ayos yung tanong mo Jm. So sino?" Extra ni  Sheila sa akin.

Natigilan naman ako sa tanong nila. Lahat sila nagaabang ng masasagot ko. Lahat sila nakatitig sa akin. Lahat hinihintay ang sagot ko. Sasabihin ko ba? Huwag na. Asarin pa nila ako. Psh. -__-

"Wala," matipid kong sabi sa kanila at binuksan na ang piattos na hawak ko.

Nasa Cafeteria nga pala kami ngayon. Recess time namin. At napagisipan nilang maglaro ng Truth or Dare. Tuwang tuwa kasi sila pag Dare ang sinasagot ng iba. Kung ano ano kasi ang pinapagawa nila.

Alam mo yung sisigaw ka sa loob ng cafeteria. Oh di kaya minsan sasapakin nila yung unang dadaan sa table namin. Minsan lalagyan nila ng lollipop yung spaghetti ng isang tao na unang makikita nila, pero mas malala nung nilagyan nila ng bubble gum yung buhok ng teacher namin. Shit lang. Pinagalitan kami nun at pinalabas kami ng halfday. Kung alam niyo lang ang mga topak at mga sapak nila. Langya pa at nadamay ako eh nanunuod lang ako sa kanila nun.

"Ehhhhh???!! Wala?! Madaya madaya hindi pwede yun. >3<" nakapout at nagtatampururot na sabi ni Ylaisa.

"Hindi pwede yun. Hindi pwedeng wala kasi may mga ex ka. Andaya nito. Kahit kailan talaga." -chloe

"Hayy nako. Alam niyo naman na hindi ako nakikipagbalikan sa mga ex ko diba?" Pagpapaalala ko sa kanila.

Well totoo yun. Hindi ako nakikipagbalikan sa mga ex ko... at yun yung pinaka masakit na salitang nabitawan ko na hanggang ngayon pinagsisisihan ko.

"Wala Error! Hindi accepted yun. Hindi pwede! Hindi yun maaari. Hindi pwede. Hindi talaga pwede! Walaaaa!! Madaya!" Makulit na sabi ni Jm.

Siya si Jm bestfriend ko. At ako nga pala si Janelle. 4th year highschool na nga pala kami.

"Sige na kasi. Ang daya naman kasi eh." -sheila

"Sige ganyanan na pala ah. Sige ka di na kita bibigyan ng pulbo," at siya naman si **Russel**.

"As if naman nagpupulbo yan. Waaa. Ang daya mo talaga! Dali na."

***KRRRIINNNGG***

At dahil time na at susunod na ang MATH subject na favorite ko ay sinumpong ako ng kalokohan. Oo, magjojoke na lang ako.

"Gusto niyo talagang malaman?" sabi ko sa kanila na may halong ngiti.

Bigla namang napatango silang lahat. Halatang excited sa sasabihin ko.

"Hmm… Siguro si... RJ na lang," sabay tingin ko kay Jm na nasa harapan ko ngayon. Lahat sila nabigla sa sinabi ko. Oo alam ko mabibigla nga sila pero ano nga bang magagawa ko? Pinilit nila akong sabihin eh. Hahaha Oh sige ako na ang bad XD.

"Oh? Bakit? Anong reaksyon yan? Sabi ko si RJ. Hindi mo ba itatanong sa akin Jm kung bakit?" Ngumiti pa ako ng nakakaloko sa kanila.

"ba-bakit?" Nanginginig niyang sabi.

Oh! Hindi niyo nga pala kilala si Rj siya nga pala ang 3rd boyfriend ko. Nagbreak kami dahil... kay Jm.. dahil sa bestfriend ko... dahil mas mahal ni Rj ang bestfriend ko... masakit noon pero move-on na ako.

(Yung One shot story nila Janelle, JM at RJ ay nasa isang One Shot story rin. Ang title ay “Bakit Bestfriend ko pa?”)

Sabi ko nga sa inyo joke lang to, wala talaga to! Hindi nga dapat siya ang sasabihin ko pero nahihiya naman akong sabihin na si Toper since ako mismo ang nagpumilit na iwasan siya. At nahihiya ako kasi nandito rin sa table namin ang bagong nililigawan niya-- **si Russel**.

"Kasi.."

**"Kasi?,"** nagaabang na sagot nila.

"Kasi minahal ko siya."

At sila? Ayun NGA-NGA!! Haha. Ang cute lang talaga nilang tingnan.

***

"Nakakainis ka! Akala ko pa naman din magaaway nanaman tayo dahil sa isyu na yan eh," niyakap ako ni Jm, ang kyut lang talaga niyang asarin.

"Haha. Ikaw naman eh. Pinipilit niyo kasi ako ayan tuloy. Wag niyo na kasi akong pilitin bahala ka baka kung ano lang masabi ko."

"Che. Hetyu," nakangiting sabi niya.

..

"Pwedeng pahinging papel?" nagulat ako sa harapan ko ngayon. Si... si Christopher o kilala bilang toper nung kami pa. 2nd boyfriend ko and ang bagong nililigawan ni Russel na barkada ko.

"Ha?? Ah eto," pumunit ako ng isang papel at saka binigay sa kanya. Binigyan niya muna ako ng isang killer smile niya bago siya bumalik sa upuan niya. Ang puso ko, parang malalaglag. Shet! Naiinlove ako. Naiinlove ULIT ako. At ang hirap :(

***

**Dear Diary,**

Ako nga pala si **Janelle**. Isang simpleng babae na mababaw ang kaligayahan. Tawa ako ng tawa sa mga waley na joke. Bakit ako natatawa? Dahil dun ko lang napapatunayan sa sarili ko na kaya ko pa. Kahit alam kong hindi naman talaga. Paano ko nga ba sasabihin na siya pa rin kung ako mismo ang rason kung bakit siya lumayo? Paano ko sasabihing *'Akin ka na lang Ulit Toper'* kung alam kong tapos na ang lahat sa amin? Masama bang humingi ng second chance well in fact hindi ko kinuha yung 2nd chance na binigay niya nun sa akin?

***Paano na tong nararamdaman ko? Sasabihin ko ba o itawa ko na lang? Ang hirap..***

Andito ako ngayon sa kwarto ko at binabasa ang pesteng Diary na kahit kailanman naman hindi niya mababasa. At andito ako ngayon para ibalik tanaw ang maling desisyon ko nung 3rd year ako.

//Flashback

"Janelle, pwede bang ako na lang ulit?" sabi ni Toper sa akin. Nakalaydown siya sa armchair ko habang sinasabi yun. Ang kulit lang niya!?

"Mahal naman kita eh."

Math subject nga pala namin ngayon.

"Mahal na mahal," iniangat niya ang ulo niya at saka tumitiig siya sa akin.

"Toper alam mo naman ang sagot ko ‘di ba? Hindi nga ako nakikipagbalikan sa mga ex ko."

"Last na tanong ko na Janelle. Hindi na kita guguluhin, pangako." Tumitig siya ng seryoso sa akin at saka nagsalita, "Janelle, pwede bang ako na lang ulit? Please (^/\^)" Nakataas pa ang dalawang palad niya at nakahawak sa isa't isa.

Nagmamakaawa siya.

Pero... Hindi ko na talaga siya mahal. Hindi na talaga.

***KRRRRIIIINNNNGGGGGGGG***

*"Sorry, pero hindi na kita mahal. Sana tumigil ka na. Please."* Tumayo na ako at saka lumabas. Lunch Break na kasi namin.

\\End of Flashback

Simula nun hindi na siya lumalapit sa akin. Hindi na siya pumupunta sa cafeteria at lalapitan ako. Tuwing uwian hindi na niya ako guguluhin. Hindi niya na rin ako tatabihan tuwing walang teacher.

At namimiss ko yung mga bagay na ganun :(

Yung kakulitan niya. Yung dating Toper na ex ko. Dito ko nafeel na mahal ko na pala ulit siya. Bakit nga ba kung kailan wala na sa atin ang isang bagay, dun lang natin nakikita yung value nito?

Bakit nga kaya??

***

**beep beep**

Tiningan ko yung cellphone ko dahil may nagtext.. Pag tingin ko unregistered number.

From: **+63916*******

2011/12/16 8:45 Pm

**Hello.**

Nagreply ako kung sino. At nabigla ako nung sinabi niya na si Christopher siya. Nagtextan kami hanggang 10pm pero sa di inaasahan pagkakataon ay natulugan ko siya. Akala ko nung umaga magiging ayos na ang araw ko pero hindi ko inaasahan na hindi pala.

***

**-Cafeteria-**

"Ganun talaga ang mga lalaki. Minsan talaga G*go pero sabi nga ni Sheila 'nagkamali lang tayo ng pinili' diba?"

"Washuu. TAMA pero kahit na. Mahal ko kaya yung ugok na yun. NakakaBV lang talaga!"

Andito na nga pala ulit kami sa cafeteria at nakikinig lang ako sa usapang lovelife nila. As if naman may maisha-share ako?

"Ahm.. Si Russel nakita mo, Janelle?"

Nagulat ako ng makita ko sa harapan ko ngayon ang gwapong nilalang na ito. Oops joke lang. Yung gwapong Ex ko pala :)

Pero sayang si Russel pala ang hinahanap. Maka-assume kasi eh! Pakerrs...

"Ahm hindi pa ata sila lumalabas. Hintayin mo na lang." Magkaiba kasi kami nang section ni Russel.

"Huh? Sige. Hintayin ko na lang siya. Pwede makitabi?"

"Sure."

Namiss ko yung dating kami. :)

"Hmm. Matanong nga kita, kayo na ba?" Tanong ni Sheila. Agad naman akong tumingin sa kanya at sa di inaasahang pagkakataon ay ngumiti siya. Yung mga ngiti niya, abot hanggang tenga. Ibig bang sabihi--

"Oo. Kagabe lang."

*"Oo. Kagabe lang."*

*"Oo. Kagabe lang."*

*"Oo. Kagabe lang."*

*"Oo. Kagabe lang."*

Napatulala ako ng ilang minuto. Hindi pa naproprocess ng utak ko ang sinabi niya kasabay nun ang pagdating ni Russel at huling nakita ko na lang ang sabay nilang pumila para makabili ng pagkain.

Yung feeling na kagabi lang katext mo siya tapos kinabukasan sila na? WTF!

So ibig sabihin? Huli na? Huli na ako?  Aray.. :(

*****

**"Janelle paki bigay naman tong pera kay Toper oh. Salamat. Please? Naiihi na kasi ako. Sige ah, salamat."**

Hindi naman treasurer si Toper pero... Ah! Baka may utang yun dun. Naglalakad ako ngayon dito papunta sa sector namin. Cleaner kasi ako ngayong week kaya ayun papunta na ako. Nang may nahagip akong isang Nag-PPDA? Grabe so kailangan dito? (-___-)"

Hindi ako bitter ha! HINDI TALAGA! Naglakad ako papunta sa kanila. Si Toper kasi nakahiga sa lap ni Russel habang nagbabasa then si Russel ay pinaglalaruan yung buhok niya.

Parang dati ako lang yung nakahiga sa lap niya ah? Parang dati ako lang yung nakikipagpalitan sa Id niya. Parang dati nagpapalitan pa kami ng bag. Oo pala DATI na nga pala yun :( sabi ko nga.

"Oh Janelle. Anjan ka pala," Ay wala toper. Picture ko lang to (=__=")

"May Sasabihin lang ako kay toper, Rus."

"Sure," sabi niya. Tumayo naman si Toper at saka pinagpag ang kanyang pantalon. Habang si Russel ayun kinuha yung binabasa kanina ni Toper.

Lumapit siya sa akin.

"Bakit?"

"Pwede dun tayo?"

"Ha? Ah sige. Sandali lang. BABE dun lang kami ah?" Sigaw niya kay russel. So kailangan sa harapan ko?

Tumango at ngiti na lang ang tugon ni Russel.

Naglakad kami sa maraming puno medyo malayo sa place nila kanina. Sa mapunong lugar kung saan kami lang ang nandito. Ang tahimik.

"Pinabibigay nga pala to ni Jen. May utang ata sayo."

Natawa naman siya sa sinabi ko, "Ah oo pala.. May sasabihin ka pa ba?"

Meron.. Kaso nauunahan ako ng takot at kaba.

"Janelle? May sasabihin ka pa ba? Kasi baka mainip si Rusell du-"

"Toper." Nagulat siya ng magsalita ako. Pag kasi tinawag ko siya ng ganyan kalumanay ay seryoso ako. Tiningan ko siya sa mga mata niya. Naiinis ako, at nakikita ko ang pagaalala sa mga matang iyon. Yung dating mata na nakatingin lang sa akin.

"Toper ba-bakit.. bakit siya pa?"

Naguluhan siya nung una pero bigla siyang ngumiti. Ngiting alam kong hindi naman ako ang may dahilan.

"Kasi mahal ko siya."

Aray! </3

"yun lang? Pero bakit sa barkada ko pa?"

"Kasi siya lang ang nakapagpaligaya sa akin."

"Kaya naman kitang paligayahin diba? Diba sabi mo ako lang? Diba sabi mo mahal mo ako?"

"Sinabi ko nga. Pero ako ba minahal mo?" napahinto ako.

"Oo minahal kita. Diba alam mo yun? Alam mo naman kung gaano ka kahalaga sa akin diba? Please naman toper Ako na lang..." Tumulo na ang mga luhang kanina pa gustong makawala.

"Pero dati yun. Janelle, mahal kita, NOON. Mahal na mahal kita noon pero anong ginawa mo? Pinagtabuyan mo ako. Na parang isa akong nakakahawang sakit. Tinanong kita noon naalala mo pa ba? Isang tanong lang yun pero anong sinagot mo? Sorry? Alam mo ba kung gaano kasakit marinig yun mula sa iyo? Kung gaano kasakit sabihan ka ng 'Sorry. Pero hindi na kita mahal. Sana tumigil ka na. Please.' Halos hindi ako makahinga nung bitawan mo yung mga salitang yun. Kung gaano kasakit sabihan ka ng ganun. Halos hindi ako makatulog ng gabing yun. Halos isang buwan akong umiiyak dahil lang sayo? Mahirap nung una pero pinilit ko.

Hanggang dumating si Russel. Siya ang nagpuna ng butas sa puso ko. Siya ang nandyan nung walang wala ako. Siya ang nandyan upang sabihing marami pa akong mararating. Siya ang nandyan nung mga oras na akala ko wala ng silbi ang buhay ko kapag wala ka. Janelle diba dapat magpasalamat ka pa sakanya kasi hindi naging miserable ang buhay ko? Kasi nung una palang ikaw na ang dahilan kung bakit nagkaganito ako. Pero siya ang dahilan kung bakit nakarating ako sa ganitong sitwasyon. Magpasalamat ka Janelle kasi nandito siya para alagaan ako."

"Pero kaya naman kitang alagaan ah? Kaya ko. Bigyan mo lang ulit ako ng isa pang pagkakataon."

"Binigyan na kita. Pero wala talaga eh. Masaya na ako Janelle, sana naman maging masaya ka na sa akin?"

"PAANO AKO MAGIGING MASAYA KUNG ANG RASON NG PAGKASAYA MO ANG DUDUROG SA PUSO KO?!"

"Paano nga ba? Diba dapat alam mo yang sagot jan Janelle. Ako ang nawalan dito. Pero nabigyan naman ng kapalit. Hayaan mo naman akong maging masaya. Maging masaya sa piling ng iba, Janelle. Please."

Ang sakit! :((

"Topeerr.. Akin ka na lang ulit. Please... Ako na lang ulit?"

"Janelle. Mahal ko si Russel. Mahal na Mahal ko siya."

Halos madurog ang puso ko. Nasa huli nga talaga ang pagsisisi. Puny*ta!!

"Hindi na ba pwedng ibalik ang nakaraan?"

"Sorry pero hindi na."

"Mahal kita, Toper."

"Pero MAS mahal ko siya.."

"Toper naman eh.. Ang sakit.. Bakit ba kasi hindi na lang ulit ako?"

"Bakit Janelle.. Nasaan ka ba nung minahal kita?"

*****

**--- may mga bagay talaga na kapag pinagpilitan sa huli, ikaw din ang masasaktan.**

**Things happen because WE CHOOSE to. There may be regrets but blaming is NOT an option. We are where we are because WE BROUGHT ourselves there. We got happy, get sad and sometimes lost. But most importantly, WE LEARN..**

**--- Isa sa masakit na bagay ang pasayahin ang taong mahal mo sa paraang kaya mo pero hindi mo nagawa :(**

**[Never ever beg someone para mahalin ka. –Papa Jack]**

---

***Inspired by the Author's True Story.***

**The End**